



Tanggapan ng Kalihim
Office of the Secretary

Direct Line: 633-7208 / 7223
Fax: 636-4376
DEText: 0919-4560027
E-Mail Address: osec@deped.gov.ph
Website: <http://www.deped.gov.ph>

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 17 s. 2004

JAN 13 2004

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagapamanihala ng mga Pampublikong Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Ang Departamento ng Filipino ng Miriam College sa pakikipagtulungan ng Katipunan ng mga Guro (KAGURO) sa Filipino ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Marso 5-6, 2004 sa 4-Star Grand Hotel Royal Hotel Davao (datirg Mercure Grand Hotel Davao), Davao City. Ang tema ng seminar ay "Mga Pamamaraan sa Pagtuturo ng Sikolohiya ng Wikang Filipino, Pagsasalang-Wika, Sining ng Pagbigkas ng Tula at Talumpati, Malikhaing Pagsulat at Pagsusuri ng mga Akdang Pampanitikan".
2. Ang mga layunin ng seminar-worksyap na ito ay mga sumusunod:
 - a. maragdagan ang kaalaman ng mga guro sa mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino para ito'y kalugdan ng mga mag-aaral;
 - b. maragdagan ang kaalaman sa teorya at dulog sa pagsasalang-wika; at
 - c. magkaroon ng higit na kaalaman at kamalayan sa mga malikhaing pamamaraan sa pagsulat at paraan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.
3. Ang rehistrasyon ay Dalawang Libo Walong Daang Piso (PhP2,800.00) na ibabaya ng bawat kinatawan na ilalaan para sa kit, dalawang agahan, tanghalian, merienda at isang hapunan sa unang araw ng seminar. Ang mga guro mula sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang.
4. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay Dr. Teresita F. Semorlan, Tserman, Departamento ng Filipino, Miriam College sa cell. no. 092080100336; 09179436773; 09204163641 at fax no. 435-92-32 at tel. blg. (02) 580-5440 lokal 2028.
5. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

R. C. Bacani
RAMON C. BACANI
Undersecretary
Officer-in-Charge

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

~~Learning Area, FILIPINO~~
~~SEMINARS~~
~~TEACHERS~~

Madel:c:pambansang seminar-Miriam
01-08-04